

TAO Pilipinas staff, nagsanay sa malikhaing pagtuturo

Natuto kami na hindi lang salita at sulat ang mga paraan para maibahagi ang impormasyon

NI BERYL BAYBAY

Paano nga ba magturo at magbigay ng impormasyon nang hindi nakakasakit sa ulo ng mga kalahok? Paano mo mapapagsalita ang isang napakamahiyaing kalahok sa pagsasanay? Ilan lamang ito sa mga gusto pang matutunan ng mga taga-TAO Pilipinas kapag nagbibigay ng mga teknikal na pagsasanay sa mga komunidad. Lalung-lalo na na ang gusto naming paraan ng pagtuturo at pagsasanay ay yung naghihikayat ng mas malaking partisipasyon ng mga kalahok. Gusto naming gumamit ng mga paraan ng pagtuturong mas malikhain kaysa sa nakagisnang natin sa ating mga paaralan. Gusto rin namin na naiintindihan ng mga kalahok ang aming

sinasabi, na hindi sila nasosobrahan sa mga datos at di lamang ang mga taga-TAO ang nagsasalita.

Kaya noong Hulyo 19 hanggang 21, 2006, sampung TAO staff ang dumaan sa isang pagsasanay na tinatawag na "Creative Pedagogy Workshop." Ito ay isang pagsasanay sa malikhaing pagtuturo na pinangunahan ng film director at aktres sa teatro na si Bb. Avic Ilagan at ang batikang aktor sa teatro at telebisyon na si G. Bodjie Pascua. Tatlong araw kami sa First Villa Cristina Resort, Antipolo.

Sa pagsasanay na ito, natutunan naming gamitin ang natutulog na malikhaing bahagi ng aming isip. Nasanay na kasi kami sa mga teorya at mga teknikal na konsepto. Kaya minsan, may mga paksang pawang ang hirap pasimplehin para sana mas madaling maintindihan ng mga kalahok sa pagsasanay. Natuto kaming mag-isip ng mabilisan at ilagay ang aming sarili sa kalagayan ng ibang tao. Pagpanggapin ba naman kaming tricycle o kalabaw. May gawain din kung saan pasa-pasa kami ng sumbrero at kung anong klaseng sumbrero ang maisuot namin, yun ang papel na gagampanan namin.

Malaking tulong ang workshop na ito sa amin para sa pag-angkop ng istilo ng pagsasanay lalung-lalo na sa gawain sa komunidad kung saan ang reaksyon ng mga kalahok at sitwasyon dito ay nag-iiba-iba. Natutunan din namin na hindi lamang pala salita at pagsusulat ang paraan para makapagbigay at makakuha ng impormasyon.

Naging panahon din ito na makilala ang kalakasan, kakayahan at kahinaan ng aming mga sarili at ng mga kasama namin sa trabaho. Nabawasan ang pagiging mahiyain at pagkatakot



Inaalalayan ng mga facilitator na si Avic Ilagan at Bodjie Pascua ang mga TAO staff sa isang "trust fall."

sa pagsasalita sa mga tao. Mas lumalim ang aming relasyon, pagtitiwala at pagkakaibigan sa isa't isa.

Isa lamang ito sa maraming pagsasanay na dinadaanan ng TAO staff para lalong mapaunlad ang mga pagsasanay, serbisyo at pakikipag-ugnayan ng organisasyon sa mga nangangailangan ng teknikal na tulong sa pabahay at pangkapaligiran.

Mga training na ibinibigay ng TAO Pilipinas

Ang Education and Training Programme (ET) ng TAO Pilipinas ay **A**itinatag para suportahan ang mga proyekto sa pagpapalano ng pabahay, pangkapaligiran at pamamahala ng komunidad sa ilalim ng Human Settlements and Environment Programme (HSE).

Ang TAO ay binubuo ng mga arkitekto, inhinyero, at urban/environmental planners na nakikipag-ugnayan sa iba pang mga teknikal na propesyonal at siyentipiko. Ang mga binibigyan ng mga pagsasanay ay mga organisadong komunidad, people's organizations (POs), non-government organizations (NGOs) at sa malaon mga lokal na pamahalaan.

Ang mga pagsasanay na kaugnay sa pagpapalano ng isang komunidad o subdibisyon ay tungkol sa:

- Pagsusuri ng lupang lilipatan o lupang kasalukuyang kinatitirikan ng bahay
- Epekto ng Zoning Ordinance at Comprehensive Land Use Plan sa lupa,
- Paghahanap at pagsusuri ng mga dokumentong may kaugnayan sa lupa
- Pagkilala sa mga papel o gawain ng iba't-ibang teknikal na propesyonal
- Proseso ng paggawa at pagkakaroon ng aprubadong subdivision plan at building permit
- Pag-alam sa mga batas sa konstruksiyon gaya ng Batas Pambansa 220 at kahalagahan sa pagsunod dito

- Pagpapalano ng mismong komunidad at pagdidisenyo ng bahay
- Paggamit ng alternatibong gamit pangkonstruksiyon.
- Pagplano ng komunidad para maiwasan ang disaster.

Ang mga pagsasanay kaugnay sa pangkapaligiran ay tungkol sa:

- Tamang pamamahala sa basura o solid waste management. Dito ay tinuturuan ang mga tao sa kahalagahan ng pag-aalaga sa paligid; kaugnayan ng tao at aktibidad nito sa paligid; paghihiwalay ng basura; tamang pagpapabulok ng basura; paggamit ng mga kalat na pwede pang pakikinabangan pa at pagtatayo ng materials recovery facility na angkop sa lugar.

Para naman sa pamamahala ng komunidad, ang mga pagsasanay ay itinutuo sa:

- Proseso ng pagpapalano ng aksyon ng mga organisasyon
- Pagbantay at pagsusuri (monitoring and evaluation) ng mga proyekto
- Pagbubuo ng polisiya ng mga komunidad

Ang layunin ng TAO ay hindi lamang magbigay ng tulong teknikal at dokumento sa mga komunidad kung hindi matulungan din ang mga ito sa pagpapalakan ng kanilang kakayahang magsuri, magdesisyon at kumilos para sa ikatatagumpay ng kanilang mga proyekto. Upang maisagawa ito, habang unti-unting binubuo ang mga proyekto ay binibigyan ng pagsasanay ang mga komunidad para magabayang ang pagdesisyon ng mga tao at matuto silang tulungan ang kanilang sarili. Agad nang sinisuguro ang partisipasyon ng mga komunidad at organisasyon sa kauna-unahang bahagi pa lang ng proseso.

Sa bahaging pagbibigay ng kaalaman, ang mga termino at usaping pisikal at teknikal ay pinapasimple at isinasalin sa salitang Tagalog hanggang sa makakayanan. Upang maisagawa ang sama-samang pagpapalano (participatory planning) at makuha ang opinyon o ideya ng mga kalahok ng pagsasanay, ginagamit ang mga malikhaing paraan gaya ng paggamit ng dula, pagsusulat sa mga metacards, pagguhit, focus group discussions at pag-uulat ng mismong kalahok.

Pagkatapos ng mga pagsasanay, ang TAO-Pilipinas ay bumabalik sa komunidad para suriin kung ano ang resulta ng mga pagsasanay. At anumang resulta nito ay inilalahad muli at ipinasusuri sa mga kalahok para sa mga karagdagan o mas maayos na mga hakbang.—

BERYL BAYBAY